# APLIKASYON PARA SA SPECIAL CASH BENEFIT (Tokubetsu Teigaku Kyuhukin) – SIMULA NA!

Ang aplikasyon upang makatanggap ng Special Cash Benefit o Tokubetsu Teikaku Kyufukin (特別定額給付金-Tokubetsu Teigaku Kyuhukin) na nagkakahalaga ng ¥100,000 bawat tao ay magsisimula na.
Maaring maisagawa ang aplikasyon sa pamamagitan ng mga sumusunod:

①Postal Application　②Online Application

Panahon at Paraan ng Aplikasyon sa Toyonaka City



## Postal Application

Ang application form ay ipapadala sa inyo sa pamamagitan ng koreo o postal mail simula **Mayo 25.** Kung nakatira kasama ang iyong pamilya, ang form ay nakapangalan sa head of household (kinatawan ng pamilya).

### Mga Kailangan

① Application Form



② Kopya ng ID ng head of household gaya ng resident card/ driver's license/insurance card



③ Kopya ng bank cash card o bank book ng head of household




### Paraan ng Pag-apply

1. Punan ang mga sumusunod sa application form:
   ① Pangalan ng head of household (hindi na kinakailangang isulat ang pangalan ng mga miyembro ng pamilya sa application form)
   ② Telephone number
   ③ Bank account ng head of household (pangalan ng bangko, branch name, bank account name, at bank account number)

   PAGTUUNAN NG PANSIN

   Bukod sa talahanayan ng pangalan ng miyembro ng pamilya, mayroong checkbox na nagsasaad na "Ayaw makatanggap ng benepisyo" (ang ibig sabihin ay hindi ninyo gustong makatanggap ng pera).

   **Mangyaring HUWAG i-check ang "Ayaw makatanggap" checkbox kung hindi ito ang gusto.**
2. Ihanda ng kopya ng ID at kopya ng bank cash card o bank book ng head of household. Idikit ito sa application form.
3. Isang sobre ang ipapadala sa inyo kalakip ng application form. Ilagay ang mga nabanggit sa Numbers 1 at 2 sa loob ng sobre at ihulog sa post office. **HINDI** na kailangang bumili ng stamp o kitte.

# Online Application



Ang online application ay magsisimula sa Biyernes, ika-8 ng Mayo..



**Mga Kailangan para sa Online Application**

① "My Number Card" ng head of household

* Ang Online application ay maari lamang gawin ng head of household.

** Ang "My Number Card" ay iba sa "Notification Card" (ang notification card ay isang card na gawa sa papel kung saan nakasulat ang natatanging numero para sa bawat tao). Ang "Notification Card" ay hindi maaring gamitin sa online application.

② Smartphone na makakabasa o makaka-scan ng "My Number Card" (pwede rin ang PC na may IC card reader)

*Ang Online application ay maaring hindi magamit kung hindi ugma ang model ng smartphone.

③ I-install ang "Maina Portal AP" na application.




④ PIN code para sa My Number Card

(ito ang PIN code na nilagay noong kumuha ng My Number Card)

⑤ Bank account upang matanggap ang pera. (Kailangang i-upload)

⇒ Kung maihanda na ang ①~⑤, i-access ang "Maina Portal" at doon mag-apply..

**Panahon ng Aplikasyon**：Ang deadline ng aplikasyon ay hanggang Lunes, ika-31 ng August 2020

**Simula ng pagbibigay ng Special Cash Benefit**：Ang pamamahagi ng special cash benefit ay magsisimula sa Biyernes, ika-29 ng Mayo. Ang perang matatanggap ay ihuhulog sa bank account ng head of household.

**！MAHALAGANG PAALALA！**

- Kung ikaw ay hindi nakatira kasama ang head of household (asawang lalaki o babae) dahil sa domestic violence (DV), maari ka pa ring makatanggap ng special cash benefit na ¥100,000. Gayunpaman, may ilang proseso na dapat gawin. Mangyaring komunsulta sa Toyonaka City sa lalong madaling panahon. Tumawag sa Toyonaka City Consultation Center - Human Rights Policy Division 06-6858-2502
- Walang tatawag na staff mula sa munisipyo bago pa man maipadala ang application form. Kaya't lubos na mag-ingat sa mga manloloko.
- Ang panahon ng aplikasyon at pagtanggap ng benepisyo ay nag-iiba depende sa lugar ng tirahan. Sumangguni sa inyong munisipalidad para sa karagdagang impormasyon.

★Mayroong video na nagpapaliwanag kung paano sagutan ang application form. Mapapanood ito sa Japanese, English, Vietnamese, Filipino, Chinese, Portuguese, Nepali, Thai, Spanish, and Indonesian. I-check ang link para sa karagdagang impormasyon.migi

⇒ https://soeasy.tokyo/users/2174